KIDS GOD WORSHIP
www.kidsworship.kr

12st Story

# Kung naniniwala ka kay Hesus bilang Panginoon, maliligtas ka!



**Narration** Pagkalipas ng ilang araw, Iniwan ni Pablo ang simbahan sa Antioquia at umalis siya kasama si Silas upang ipangaral ang Mabuting Balita sa ibang lugar. At pagkatapos maglakbay sa maraming lungsod, nakarating siya sa lugar ng Filipos.

**Silas** Wow.. Napakalaking lungsod talaga nito~ Wow..



**Narration** May isang aliping babae sa Filipos na sinapian ng masamang espiritu. Kumikita siya nang malaki para sa kanyang amo sa pamamagitan ng panghuhula.

**Maid** Marami akong kikitain ngayong tag-araw.!!!!

**Master** Waaaawww, nakakatuwa naman, maraming pera ang darating dahil sa iyo!!! Ang saya-saya naman.



**Narration** Gayunpaman, nang makita ng aliping babae si Pablo at ang kanyang grupo, sinundan niya sila araw-araw at sumisigaw ng malakas sa mga tao.

**Maid** Ang mga taong ito'y lingkod ng Kataas-taasang Diyos! Ipinapahayag nila sa inyo kung paano kayo maliligtas!" Ahhh hahahaha.

**Narration** Araw-araw sumisigaw ang babaeng ito, kaya! Nilapitan ito ni Pablo at pinalayas ang masamang espiritu sa kanya.



**Paul** Sa Panglan ni Jesucristo, iniuutos ko sa iyo masamang espiritu, na lumayas ka sa katawan ng babaeng iyan!!!

**Narration** Pagkatapos ay agad na umalis ang masamang espiritu sa katawan ng aliping babae, at bumalik siya sa normal.

**Master** Alipin ko!!!! Anong nangyari?

**Narration** Galit na galit ang mga amo ng aliping babae dahil nawala na ang kanilang pinagkakakitaan. Kaya! Pinadakip nila si Pablo at Silas, dinala sa korte at sila ay kinasuhan.



**Master** Ang mga taong ito ay Judio  at sila ay nanggugulo sa lungsod.

**People** Sila ay  nagpapalaganap ng maling paniniwala tungkol sa kaugalian, dapat silang bugbugin at palayasin!!!

**Narration** Kaya't binugbog ng mga kawal sila Pablo at Silas at itinapon sila sa bilangguan.



**Soldiers** Bantayan ninyo sila!

**Jailer** Opo! Masusunod po!

**Narration** Kinagabihan, sina Pablo at Silas ay nananalangin at nagpupuri sa Diyos sa bilangguan. Nakikinig din sa kanila ang ibang mga bilanggo.


**Paul, Silas** (Sabay-sabay na nagpupuri.)



**Prisoners** Napano ang mga iyon!! nabugbog sila at nakulong, pero nakukuha pa nilang kumanta? Siguroooo…. nababaliw na sila. (Patuloy na nagpupuri sina Pablo at Silas.)

**Narration** Nang oras na iyon, biglang nagkaroon ng malakas na lindol.. (Sound effect. Coo coo coo coo coo!!! Dumadagundong..)

**Jailer** O Hindi, ano ang nangyayari? Ay naku!




**Narration** Dahil sa lakas ng lindol, nayanig pati ang mga pundasyon ng bilangguan. Biglang nabuksan ang mga pinto at nakalag ang mga kadena ng lahat ng bilanggo.

**Paul** HAAHHHHHH? (NAGULAT)

**Prisoners** Hindi, paano nangyari ito? Ah?

**Jailer** Ang pinto..... nabuksan lahat ng pinto!!! Ahhhh ang lahat ay nakatakas na!!!!



**Narration** Iniisip ng guwardiya na responsibilidad niya ang lahat ng mga bilanggo na nakatakas, Dahil sa takot niya, sinubukan niyang magpakamatay.

**Jailer** Ang lahat ng mga bilanggo ay nakatakas, kaya wala nang dahilan para mabuhay pa ako!!! (Umiiyak)



**Paul** Tumigil ka! Huwag mong saktan ang iyong sarili! Nandito kaming lahat. Walang tumakas ni isang tao!


**Narration** Ang bantay ng bilangguan ay lumapit kina Pablo at Silas na nanginginig sa takot.

**Jailer** Anong nangyari!!!! Wala akong makita...may ilaw ba diyan!! “Mga ginoo, ano po ang dapat kong gawin upang ako’y maligtas?”



**Paul** Ang Panginoon mo mula ngayon ay hindi na ang emperador ng Roma. “Sumampalataya ka sa Panginoong Jesus, at maliligtas ka, ikaw at ang iyong sambahayan.”

**Narration** Kahit hatinggabi na, dinala ng bantay ang dalawang lalaki sa kanyang bahay at hinugasan ang kanilang mga sugat. Naririnig ng buong pamilya ng bantay ang Salita ng Diyos sa pamamagitan nina Pablo at Silas, naniwala sila, at nagpabautismo. At nang sumunod na umaga...



**Jailer** Mga Ginoo! Ang mga kawal ay nagpadala ng mensahe na palayain kayong dalawa! Kaya! Lumabas na kayo at umalis nang mapayapa.

**Narration** Nagpasalamat sina Apostol Pablo at Silas sa Diyos at umalis upang ipagpatuloy ang pangangaral ng Mabuting Balita.